

--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--	--

Student Number

2010 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Tuesday 19 October: 2 pm Eastern Standard Time

Reading Time: 10 minutes

Working Time: 2 hours and 50 minutes

- You have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions. You MUST NOT write during this time.
- Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be consulted during the reading time and also during the examination.

Section 1: Listening and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 50 minutes for Section 1.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

Part A

20 marks

Attempt Questions 1–5

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately*

You will hear FIVE texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

Text 1	Marks	You may make notes in this space.
1. Why is William speaking to Kelly?	2	
<hr/> <hr/> <hr/> <hr/>		
Text 2		
2. What is the main purpose of this announcement?	1	
(A) To explain health regulations in Australia	<input type="checkbox"/>	
(B) To discuss the symptoms of influenza and hepatitis	<input type="checkbox"/>	
(C) To remind tourists to look after their health in winter	<input type="checkbox"/>	
(D) To introduce Dr Leticia Gomez from the Department of Health	<input type="checkbox"/>	

Text 5

5. (a) What issue is being discussed?

Marks**2**

You may
make notes in
this space.

- (b) How does the attitude of the caller differ from that of the radio host? Support your answer with reference to the text.

5

Part B

10 marks

Attempt Questions 6–7

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information
- convey the information accurately and appropriately

You will hear TWO texts, one relating to Question 6 and one relating to Question 7. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

Text 6

6. (a) Where does this conversation take place?

Saan nagaganap ang usapang ito?

- (b) How would Banjo feel after this conversation? Support your answer with evidence from the text.

Ano ang magiging pakiramdam ni Banjo pagkatapos ng usapang ito? Patunayan ang iyong sagot sa pamamagitan ng katibayan buhat sa iyong napakinggan.

Marks

1

You may make notes in this space.

4

Text 7

7. How does this excerpt from the radio program convey the personality of the characters and the relationship between them?

Paano inilalarawan ng bahagi ng radyo seryeng ito ang katangian ng mga tauhan at ang relasyon nila sa bawat isa?

Marks**5**

You may make notes in this space.

End of Section 1

BLANK PAGE

BLANK PAGE



--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Student Number

2010 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 2: Reading and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 1 hour and 15 minutes for Section 2.
2. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

Part A**20 marks****Attempt Questions 8–9**

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately

8. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

MASARAP

Ang sariling pagsusuri ng mga Pilipinong Restauran sa net — sabihin sa amin... ano ang inyong palagay?

Pilipinong Restauran

Patok 512 Greenvale Parade, Greenvale Park 9277 T: 2223 1234

Bukas: Huwebes – Sabado Linggo – Tanghalian lang

Tanghalian 12–3pm / Hapunan 6–9pm

***** Kailan ito natanggap:** Ika – 10 ng Hulyo, 2010

Hindi ko maisip kung ano ang suliranin ni A.T. Ibapa. Kahit na maliit lang sa loob ang restaurang ito, 3 beses na akong galing sa Patok. Para sa akin, kapuri-puri ang kanilang malikhaing pagluluto at masarap pa! Nasa Australia na tayo Pare – bakit hindi nating gamitin ang tupa para sa Kaldereta at salmon sa Inihaw? At dito rin sa Australia sapat ang bayad sa mga namamasukan, kaya kailangang sumingil ng medyo mataas sa restauran. Siguro, mas mabuti pang bumalik ka na lang sa nakaraang siglo. Para sa 'kin, and restaurang ito'y talagang “Patok”!

Inaanyahan ko kayong mga mambabasa at mahilig sa pagkaing Pilipino na subukan ang Patok. Mauunawaan ninyo na ako'y tama!

Sino ang nagpadala nito: K. Anin, Greenvale

***** Kailan ito natanggap:** Ika – 5 ng Hulyo, 2010

Galing kaming magpamilya sa Patok – at hindi ko nagustuhan ito. Maliit, madilim at mahal pa. Bagong bukas lamang ito, ngunit sa tingin ko'y hindi magtatagal. Ang mga ulam ay hindi matatawag na tradisional. Halimbawa, gagamitin ba ninyo ang karne ng tupa sa halip na kambing para sa kaldereta? O salmon sa inihaw na isda? At saka ang kusinero ay higit na umaasa sa gaas kaysa sa uling upang mapalabas ang tunay na lasa. Hindi ganito magluto ang lola at nanay. Sa aking pang-unawa, ang restaurang ito'y hindi “Patok”!

Sino ang nagpadala nito: A.T. Ibapa, Hillside Estate

Question 8 continues on page 3

Marks

Question 8 (continued)

- (a) What is the purpose of this website?

2

- (b) Describe the unique features of the cuisine served at the Patok Restaurant.

3

- (c) Compare and contrast the tone of the reviews written by K Anin and A T Ibapa. Support your answer with reference to the text.

4

End of Question 8

9. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

To: Joel
From: Tony
Subject: RE: pakiusap

Date: 31 Mayo 2010
Time: 7 pm

Hi Joel,

Binasa ko ang anunsiyon ipinadala mo sa akin. Magandang trabaho ito sa iyong larangan. Alam ko na may karanasan ka sa pamumuno ng mga isport. Simula pa nang tayo ay nasa ika-anim na baytang, palaging napipili ka nang kapitan sa basketbol at kriket. Subalit ang trabahong ito ay mamamahala sa higit na malaking pangkat ng tao, hindi lamang ng mga kaiskuwela natin. Hindi madaling lumutas ng mga suliranin ng mga kabataan na hindi naman lahat interesadong maglarong isport.

Talagang napakalaki ang kawilihan mo sa isport kaya maipaparamdam mo ito. Alalahanin mo lang na mahirap pakibagayan ang mga bata sa paaralan. Naalala mo, hindi ba, ang ginawa nating pagsubok sa pasensiya ng ating tagasanay?

Hindi rin ako sigurado tungkol sa karanasan mo sa pamamahala ng malalaking proyekto lalo na kung mayroong takdang araw. Siyempre iba na ang pamamaraan kung ang nakasalalay ay pera at tauhan. Hindi na ito tungkol lamang sa pagwawagi ng laro.

Sabagay kung pagsasamahin mo ang karanasan mo sa paaralan at sa komunidad, aabot nga siguro ng dalawang taon. Ngunit kakaiba ito sa dalawang taong karanasan sa tunay na trabaho. Baka mahirapan ka sa pangangailangan ng ito.

Pag-isipan mo muna bago mo ipadala ang aplikasyon mo. Palarin ka sana kung itutuloy mo ang pag-aaplay.

Sabihan mo ako ng mga pangyayari,
Tony

To: Tony
From: Joel
Subject: pakiusap

Date: 28 Mayo 2010
Time: 5.30 pm

Hi Tony,

Tuwang-tuwa ako na mag-aplay sa trabahong ito. Ito ang talagang gusto kong gawin at sa palagay ko ay tamang-tama ako para sa trabahong ito. Pakibasa mo nga ang anunsiyon ito at sabihin mo sa akin ang palagay mo.

Salamat,
Joel

ANUNSIYO: Tagapamahala ng Isport

Ang pamahalaang lokal ng Acacia Hill ay naghahanap ng isang Tagapamahala ng Isport. Ang matagumpay na aplikante ay:

- may titulo sa pagtuturo ng isport
- mayroong hindi kulang sa dalawang taong karanasan sa pamamahala ng mga palaruan at isport
- may kakayahang gumanyak sa mga kabataan upang sumali sa isang bagong programang pang-isport
- mahusay umisip ng paraan upang maisagawa ang mga proyektong nagkakasabay-sabay
- marunong makisama sa tao

Ipadala sa email ang iyong aplikasyon kay Gng Morales sa gmr@sarilingmayl.com.au

Question 9 continues on page 5

Marks

Question 9 (continued)

- (a) Who is Tony? 1

- (b) What is the main role of the successful applicant for this position? 2

- (c) What qualities does Tony display in his reply to Joel? Support your answer with reference to the text. 3

- (d) What is Tony's assessment of Joel's suitability for the position? Support your answer with reference to the text. 5

End of Question 9

Part B

10 marks

Attempt Question 10

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- understand general and specific aspects of a text by identifying, analysing, and responding to information
- convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type)

- 10.** Read the text and then answer in 150–200 words in FILIPINO the question that follows.

TAMPOK NA ARTIKULO
sa *Student Times*, Spring Isyu

Sa kasamaang-palad, pinababayaan na nating bumoto ang mga labing-walo hanggang dalawampung taon. Kung tatanunin mo naman ang pangalan ng pangkasalukuyang Pangalawang Ministro o Pang-estadong Ministro, kadalasan ay hindi nila alam. Bakit sila hinahayaang bumoto? Wala silang tunay na hilig at kaalaman sa pulitika.

Ang mga taong ito ay walang inaalalang pananagutan. Nakikitira pa sila sa kanilang mga magulang. Ang kanilang magulang ang nagbibigay ng kanilang mga panggastos. Hindi pa sila marunong gumawa ng tamang pagpapasiya. Sila ay nakakapinsala sa kanilang sarili at ibang tao. Karaniwang sila ay kasangkot sa mga aksidente. Mabilis silang magpatakbo ng kotse para lamang magyabang sa mga kaibigan. Tumingin tayo sa ating paligid—may mga barkadang umiistambay sa mga kalye. Magkano ba ang kailangang gastahan para lamang sila ay mabantayan?

Kailangang mabigyan sila ng pagkakataong maghustong-gulang at maghustong-isip. Wala pa sila sa hustong gulang para makagawa ng matalinong pasiya. Kailangan nilang maging karapat-dapat sa pagboto sapagka’t ito ay isang pribilehiyo. Itaas natin ang edad ng pagboto mula sa labing-walo hanggang sa dalawampu’t-isa!

Sinulat ng:
Alyansa ng mga Kabataan
para sa Mabuting Pamahalaan

This article provides the discussion topic for a regional school debate. Your school is taking the negative side in this debate. Write an opening speech for your school team.

Ang artikulong ito ay nagbibigay ng paksang pagtatalunan para sa pampook na pagtatalong pampaaralan. Ang iyong paaralan ang magtatanggol sa pakontra sa pagtatalong ito. Sumulat ng panimulang talumpati para sa iyong pampaaralang pangkat.

You may make notes in this space.

Filipino Continuers Level

Question 10

End of Section 2



--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Student Number

2010 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 3: Writing in Filipino (15 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 45 minutes for Section 3.
2. Write your answer to a question from Section 3 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ONE question in FILIPINO.
4. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
5. All question booklets will be collected at the end of the examination.

Total marks – 15

Attempt ONE question from Questions 11–12

When judging performance in this section, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates:

- *relevance and depth of treatment of ideas, information, or opinions*
- *accuracy and range of vocabulary and sentence structures*
- *the capacity to structure and sequence response and capacity to use conventions of the text type*

Answer ONE question from this section in 200–250 words in FILIPINO.

- 11.** Your family hosted students attending a Youth Environmental Conference. However, the experience proved to be very different from your expectations.

Write TWO diary entries: ONE diary entry before your guests arrive; and ONE diary entry after your guests have left.

Ang iyong pamilya ay nagpatira ng mga mag-aaral na sasali sa “Youth Environmental Conference”. Subalit ang karanasan ito'y kakaiba sa iyong inaakala.

Gumawa ng 2 Sulatin sa iyong Talaarawan: ISANG sulatin bago dumating ang inyong mga bisita; at ISANG sulatin pagkaalis ng inyong mga bisita. Gawin ang dalawang sulating ito nang hindi hihigit sa 250 na salita.

- 12.** Events Arena has announced a new price structure for tickets, the cancellation of student concessions and increased parking fees. Aside from these changes, they have also informed patrons that all food and drinks must now be bought at the venue. Patrons will no longer be allowed to bring their own provisions.

Write a letter to the manager of Events Arena in response to these changes.

Ipinahayag ng Events Arena ang mga bagong halaga ng mga tiket, ang pag-alis ng murang bayad para sa mga mag-aaral at ang pagtataas ng bayad sa pagparada ng sasakyang. Bukod pa sa mga nasabing pagbabago, ipinaalam din nila sa mga tagapagtuguyod na ang lahat ng pagkain at inumin ay kailangang bilhin sa loob ng istadyum. Hindi na sila maaaring magdala ng sariling baon.

Sumulat sa tagapamahala ng Events Arena bilang sagot sa mga pagbabagong ito.

You may make notes in this space.

Question Number:

End of Section 3

BLANK PAGE

BLANK PAGE

BLANK PAGE